


Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagpinta ng mga Tanawin



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagpinta ng mga Tanawin
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	John Bill B. Juen	
Editor:	Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan	
Tagasuri:	Aidena L. Nuesca, Edgardo D. Pamugas III, Romeo A. Mamac, Christine Graza-Magboo, Lea C. Manambay, Aries A. Gamino	
Tagaguhit:	John Bill B. Juen	
Tagalapat:	John Bill B. Juen, Christopher Gonzales	
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo	Reynante A. Solitario
	Mary Jeanne B. Aldeguer	Janwario E. Yamota
	Analiza C. Almazan	Djhoane C. Aguilar
	Ma. Cielo D. Estrada	Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 6:
Pagpinta ng mga Tanawin

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa mga batang nasa Ikatlong Baitang. Ito ay nagbibigay-tulong sa iyo para masanay kang mabuti sa pagpinta ng mga magagandang tanawin na iyong nakikita sa kapaligiran. Sumasaklaw ang modyul na ito sa pagpinta ng mga tanawin sa partikular na panahon at pagpili ng mga kulay na babagay para makabuo ng magandang likhang-sining.

Sa modyul na ito, ika'y mapapatnubayan sa pamamagitan ng mga angkop na mga gawain upang epektibong maipamalas ang likhang-sining sa pagpinta ng mga tanawin.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakatutukoy ng mga kulay na babagay sa gagawing likhang-sining ayon sa partikular na panahon;
2. natutong magpinta ng mga tanawin na naaayon sa iyong kagustuhan (CG: A3PR-If); at
3. nabibigyang-halaga ang mga likhang-sining at sa gumawa nito.



Subukin

1. Ihanda ang sumusunod na mga kagamitan:
water color o **poster paint** (dilaw, bughaw, puti at itim), brush, tubig, lalagyan, dalawang **$\frac{1}{8}$ illustration board** o **oslo paper**, at basahan.

2. Iguhit sa dalawang **illustration board** o **oslo paper** ang larawan sa susunod na pahina.
3. Sagutin ang mga tanong sa pagkatapos ng gawain.

Gawain 1:

1. Kumuha ng tamang dami ng dilaw at haluan ng puting kulay sa lalagyan.
Ikulay ito sa kalangitan (likurang bahagi).
2. Ipinta naman ang pinaghalong pula at puti sa ibaba (dagat).
3. Ikulay naman ang natitirang pula sa pulo, bangka, bahay at puno.



Gawain 2:

4. Ihalo ang natirang dilaw sa itim at ikulay sa kalangitan ng ikalawang larawan.
5. Ipinta ang pinaghalong pula at itim sa ibaba.
6. Ikulay ang natitirang pulasa pulo, bangka, bahay at puno.

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang unang larawang pinintahan ng pinaghalong puti at dilaw ay may _____ na kalooban.
 - a. masayahin
 - b. malungkot
 - c. nakaiiyak
 - d. makulimlim


2. Anong kalooban naman ang ipinamamalas ng larawang pinintahan ng pinaghalong itim at dilaw?
 - a. masayahin
 - b. nakagagalak
 - c. malungkot
 - d. maliwanag
3. Ang ikalawang larawang pinintahan ng pinaghalong itim at dilaw ay maihahalintulad sa anong partikular na panahon?
 - a. dapit-hapon
 - b. umaga
 - c. tanghali
 - d. gabi
4. Ano ang tawag sa pagpipinta ng isang tanawin?
 - a. foreground
 - b. background
 - c. subject
 - d. landscape painting
5. Anong bahagi ng larawan ang matatagpuan sa likuran?
 - a. foreground
 - b. background
 - c. subject
 - d. landscape painting

Aralin

1

Pagpinta ng mga Tanawin

Tayo ay magpinta ng mga tanawin na naaayon sa ating damdamin. Gumamit tayo ng mga kulay na nababagay sa ating nararamdaman. Ang kulay ay nakatutulong sa pagpapakita ng ating damdamin (**mood**). Ang mga gawang-sining ay maaaring nagpapamalas ng masaya o malungkot na kalooban. Ang **color temperatures** naman ay maaaring mainit o malamig na kulay.



Balikan

Ihanda ang mga kagamitan:

1. Maghanda ng mga **water color** o **poster paint** na kulay pula, bughaw, puti, at itim.
2. Maghanda rin ng walong lalagyan o maaaring walang lamang **mineral water bottle** na paghahaluan ng mga kulay.
3. Ihalo ang kalahating kutsara ng puti para sa **tint** at itim sa **shade** sa bawat kutsarang inihandang pula at asul (**hue**).
4. Tukuyin ang nabuong kulay. Isulat sa papel ang obserbasyon.

Hue




Hue




Tint

1.




2.


Shade




3.



4.






Tuklasin

Magkulay Tayo!

Panuto:

1. Ihanda ang mga sumusunod na mga kagamitan:
water color o poster paint (pula, puti at itim), brush, tubig, $\frac{1}{8}$
illustration board o oslo paper, lagayan, at basahan.
2. Pag-aralan ang larawang **"Still Life Tree"**.



3. Kopyahin ang larawan sa inihandang pagpipintahan.
4. Paghaluin ang pula na kulay sa puti nang makabuo ng kombinasyong **tint**.
5. Pagkatapos, ihalo ang pula sa itim para makagawa ng **shade**.
6. Kulayan ang likurang bahagi ng puting kulay.
7. Kulayan ang dahon ng kahoy ng pinaghalong pula at puti (maaaring kapalan ang paghalo ng puti o nipisan)
8. Pula naman ang ikulay sa ibaba ng kahoy (lupa).
9. Kulayan naman ng pinagsamang pula at itim (shade) ang puno at bundok.
10. Gamitin ang rubriks para masukat ang kahusayan sa paggawa.


Pamantayan	Puntos		
	3 Masining na naipamalas	2 Nasunod ang panuto	1 Kailangan pa ng gabay
1. Pagpinta ng larawan.			
2. Naipamamalas ang tint at shade			
3. Kalinisan sa gawang obra			
4. Natapos sa takdang oras			



Suriin

Ang **landscape painting** ay nagpapakita ng mga pinta na may bundok, palayan, ilog, tabing dagat, at iba pa.

Ilan sa mga dapat maintindihan sa landscape painting ang mga elemento nito. Ang pinakamalayo na bahagi ng larawan ay tinatawag na **background** na maaaring ilarawan ng kalangitan, bundok at matataas na bagay. Ito'y kalimitang una sa pagkulay dahil nasa bahaging likuran ang pagdibuho. Ang **middleground** na bahagi naman ay kalimitang nasa gitna o medyo malapit na bahagi. Samantalang ang **foreground** ang pinakatampok o pinakamalapit na aspeto ng larawan sa paningin.



Tinatawag na **monochromatic painting** ang pagpipinta na ginagamitan lamang ng dalawa o tatlong magkaugnay na kulay.


Nakatutulong naman ang pag-unawa sa hue, tint at shade sa pagpipinta para makabuo ng isang damdamin sa pagpipinta.



Ang mga kulay (**hue**) na masining na pinaghalo sa iba-ibang kulay ay nakatutulong sa pagpapakita ng ating kalooban (**mood**). Ang **tint** ay mga kulay na medyo maliwanag. Ito ay

nagagawa sa pamamagitan ng pagdaragdag ng puti at tubig sa kulay na hue. Ang **shades** naman ay madilim na kulay. Ito ay sa pamamagitan ng pagdaragdag ng itim sa hue na kulay.

Ang mga mainit at malamig na kulay ay tinatawag na **color temperature**. Ito ay isang paraan kung paano tayo makaguhit ng mga larawan sa ating kapaligiran.



Pagyamanin

Gawain: Monochromatic Tayo!


Mga gamit na dapat ihanda:

dalawang $\frac{1}{8}$ illustration board o oslo paper, lapis, brush, basahan

water color o poster paint (berde, dilaw, bughaw, puti, at itim)

Paggawa:

1. Iguhit ang dalawang larawan sa bawat illustration board o oslo paper.




2. Gamit ang kasanayang **monochromatic**, kulayan ang unang larawan (**durian**) ng mula baba-paitaas ng pinaghalong maaliwalas na kulay berde, dilaw at puti.

Maaring gumawa ng

sariling batayang linya


para malinaw na naipipinta ang akmang kulay.



3. Igayak naman ang malalamig na mga kulay na pinaghalong bughaw, berde, at itim sa ikalawang larawan (damit)


4. Gamitin ang talaan ng rubrik para mamarkahan ang ginawang obra.

Pamantayan	Puntos		
	3 Masining na naipamalas	2 Nasunod ang panuto	1 Kailangan pa ng gabay
1. Kahusayan sa pagkopya ng larawan			
2. Kombinasyon ng monochromatic sa gawa			
3. Kalinisan sa gawang obra			
4. Natapos sa takdang oras			



Isaisip

- Ang **landscape painting** ay nagpapakita ng mga pinta na may bundok, palayan, ilog, tabing dagat, at iba pa.
- Mahalagang isaalang-alang ang pag-unawa sa mga elementong **background**, **middleground**, at **foreground** sa pagpinta ng tanawin.
- Ang **color temperature** ay makatutulong sa pagpakita ng nararamdaman at kalooban.
- **Monochromatic painting** ang tawag sa pagpipinta na gamit ay dalawa o tatlong magkaugnay na kulay.



Isagawa


Tayo nang Gumuhit!

Ihanda ang mga kagamitan:

½ illustration board o oslo paper, mga brush, pamunas, lalagyan ng tubig water color o poster paint, at peryodiko

Hakbang:

1. Mag-isip ng isang tanawin na gusto mong iguhit.
2. Pumili ng mga kulay na maaaring gamitin para maipamalas ang maliwanag o masiglang kalooban.
3. Gumawa ng angkop na pamagat sa nagawang obra.
4. Ipakita ang natapos na trabaho sa iyong magulang o sinuman na maaari mong hingian ng opinyon sa natapos na gawain.
5. Gamitin ang talaan ng rubrik sa **Pagyamanin** upang masukat ang kaangkupan sa ginawang obra.




Tayahin

Panuto: Buuin ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.


1. Ang _____ ay nagpapakita ng mga pinta na may bundok, palayan, ilog, tabing dagat, at iba pa.
 - a. monochromatic painting
 - b. color temperatures
 - c. landscape painting
 - d. tint at shade

2. Ang _____ ay tawag sa pagpipinta na gamit ay dalawa o tatlong magkaugnay na kulay.
- | | |
|---------------------------|-----------------------|
| a. monochromatic painting | c. landscape painting |
| b. color temperatures | d. tint at shade |
3. Ito ang pinakamataas na bahagi ng larawan na maaaring ilarawan ng kalangitan, bundok at matataas na bagay.
- | | |
|---------------|----------------------|
| a. background | c. middleground |
| b. foreground | d. color temperature |
4. Si Ana ay masayang nagpipinta kasama ng mga kalaro ng magagandang mga tanawin. Anong mga kulay ang maaari nilang gamitin para mailabas ang kanilang masayahing kalooban?
- | | |
|------------------|------------------|
| a. itim at asul | c. lila at pula |
| b. puti at dilaw | d. asul at berde |
5. Makulimlim ang panahon at bumuhos ang isang malakas na ulan dahil may paparating na bagyo. Nag-aalala na ang mga tao sa isang pamayanan kung paano magiging ligtas ang kanilang mga sarili at pamilya. Kung ikaw ay aatasan sa pagguhit ng sitwasyon na ito, ano ang maaari mong gagamiting pangkulay para mapakita ang kondisyon na ito?
- | | |
|-----------------------|------------------------|
| a. maliwanag na kulay | c. mapusyaw na kulay |
| b. madilim na kulay | d. maaliwalas na kulay |




Karagdagang Gawain

1. Kunin mo ang iyong mga kagamitan kagaya ng illustration board o oslo paper, lapis, mga brush at water color o poster paint.
2. Maghanap ng larawang nagpapakita ng kapaligiran. Maaaring kopyahin ang mga larawan sa ibaba.



3. Iguhit ito sa illustration board o oslo paper.
4. Kulayan gamit ang natutunang aplikasyon sa landscape painting.
5. Kulayan ng maiinit na kulay kung ang larawang napili ay A, at malalamig na kulay naman kung B ang napili.
6. Gawan mo ito ng pamagat.
7. Pagkatapos mo itong gawin ay maaari mong ipakita sa iyong nanay, tatay o nakatatanda na maaari mong hingan ng puna sa iyong natapos na gawain.
8. Gamiting muli ang talaan ng rubriks sa Isagawa Mo para masukat ang kahusayan sa ginawang obra maestra.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin: 1. C 2. A 3. A 4. C 5. C	Balikkan: 1. Purple 2. Rosas / Pink 3. Navy Blue 4. Sky Blue	Subukin: 1. A 2. C 3. A 4. D 5. B
--	--	--

Sanggunian

Music, Art, Physical Education and Health 3

Painting a Landscape (CG: A3PR-IIIf); TG: pp.159-160

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc., 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T., 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Google.com/search 'Landscape Painting'

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph